

DMSC suportado ng mga local manufacturer

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Suportado ng mga local manufacturer ang Die and Mold Solution Center (DMSC) ng Department of Science and Technology (DOST) na ang pangunahing layon ay mapalakas ang industriya ng paggawa sa bansa.

Dahil sa nasabing Center, inaasahang makahahabol ang mga lokal na industriya sa mga karatig bansa lalo na sa ASEAN Region pagdating sa kakayahan sa paggawa.

Tampok sa DMSC ang mga makabagong imprastruktura at kagamitang kinakailangan ng industriya upang makagawa ng sariling produkto nang hindi na nangangailangan pang angkatin sa ibang bansa.

Ayon kay Chito Madroño, general manager ng 13PM Enterprise, mahalaga ang mga makabagong kagamitang gaya ng nasa DMSC upang mapalakas ang industriya ng paggawa sa bansa.

Ang 13PM Enterprise ay matagal ng katuwang ang DOST-Metals Industry Research and Development Center (DOST-MIRDC) sa paggawa ng mga produktong board game. Aniya, ang "Brain Twister", isang uri ng board game, ay masasabing produkto ng public-private partnership sapagkat magkatulong ang kumpanya ni Madroño at DOST-MIRDC sa paggawa ng mga ng mga game chip nito.

Matatandaan na ang Brain Twister ay ang tile-based board game na kinakailangang makabuo ng iba't ibang hugis gamit ang mga chip nito.

Mga Nilalaman

Payo ng DOST, simple at malinaw na babala kapag may paparating na kalamidad sa bansa **p2**

DOST water hyacinth harvester, kabuhayan sa CamSur **p3**

TUKLAScience **p4**

Larawanews **p4**



Ipinakita ang mga makabagong kagamitan gaya ng surface grinding machine para sa Die and Mold Solution Center sa katatapos lamang na Agham Na Ramdam, ang media briefing upang ipabatid at maipauunawa sa mga miyembro ng media ang kasalukuyang proyekto at programa ng DOST. (Larawan ni Gerardo Palad, S&T Media Service, DOST-STII)

"I went to MIRDC and asked them to fabricate the molds that will be used for the tiles," paliwanag ni Madroño. "And I am happy because it is cheaper and produced the expected results."

Ibinahagi rin ni Madroño na karamihan sa mga local manufacturer ngayon ng bansa ay nagsa-subcontract sapagkat mas mura at mas mabilis ang magpagawa sa ibang bansa kaysa gawin ito sa Pilipinas. Ngunit, ani Madroño, siya ay natutuwa sa pagbabagong nangyayari ngayon sa industriya at naniniwala na muling manunumbalik ang sigla ng paggawa sa bansa dahil na rin

sa mga inisyatiba ng DOST. Aniya, sa populasyon ng bansa na 100 milyon, nararapat lamang na pagtuunan ng pansin ang domestic market bago pa man lumabas ng bansa ang mga local manufacturer.

Samantala, sang-ayon naman ang pangulo ng Philippine Die and Mold Association na si G. Philip Ang sa ibinahagi ni Madroño at ipinahayag na kinakailangan ng mga local manufacturer ang suporta ng bawat Filipino upang mapalakas ang ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng pagtangkilik sa sariling produkto.

Payo ng DOST, simple at malinaw na babala kapag may paparating na kalamidad sa bansa

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, *DOST-STII*

Dahil hindi masasabing siyento porsiyentong tama ang “weather forecast,” payo ni Department of Science and Technology (DOST) Assistant Secretary Raymund Liboro na dapat bigyang-pansin ang mas mabisang paraan ng pakikipag-komunikasyon ng mga disaster management agency upang maunawaan ng publiko ang mga babalang ibinabahagi ng Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA).

Sa kanyang mensahe sa ginanap na pagtitipong pinangunahan ng Office of Civil Defense (OCD) at Japan International Cooperating Agency (JICA) sa Discovery Suites Ortigas, Lungsod ng Pasig, binigyang-diin ni ASec. Liboro ang kahalagahan ng simple at malinaw na paglalahad ng mga impormasyon kaysa pagsasalín lamang sa salitang Filipino ng mga weather forecast at update.

“The key to communicating typhoon warnings is communicating uncertainty. And

the most essential part there is the implicit understanding that forecasts are not absolute and cast in stone. This time, for Typhoon Ruby, DOST-PAGASA presented a variety of scenarios to impress upon the public the many possible ways a typhoon can move, like it has a mind of its own,” paliwanag ni Liboro.

Kanya ring ipinahayag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malikhaing pamamaraan sa pagharap sa mga emergency. Kanyang inihalintulad ang karanasan ng Japan matapos ang 6.6 magnitude na lindol noong 2011 kung saan mayroong apat na namatay at 10 nasugatan sa isa sa pinakamalaking trahedyang nangyari sa buong mundo. Aniya, noong retrieval operation ay mayroong itinalagang “audit personnel” upang mamigay ang mga ito ng mga fuel voucher sa mga truck na nagsasagawa ng clearing operation upang tanggalin ang mga nakahambalang na debris sa mga kalsada.

“Nowhere is it more crucial to be able to think out-of-the-box than in disaster risk



reduction and management. Buhay kasi ang nakataya dito, (Lives are at stake) and this ability quite literally spells the difference between life and death,” pahayag ni Liboro.

Ang pagtitipon ay naglalayong ibahagi sa mga disaster manager ang mga mahahalagang kaalaman at impormasyon hinggil sa disaster risk reduction and management at mapalakas ang kakayahang magplano at isagawa ang mga aktibidad na naaayon sa apat na thematic area gaya ng prevention and mitigation, preparedness, response at recovery/reconstruction.



Si DOST Assistant Secretary Raymund E. Liboro habang ipinaliliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang simple at malinaw na pagpapahayag sa publiko ng mga impormasyon hinggil sa lagay ng panahon bago pa man ito dumating. Si ASec. Liboro ay tampok na tagapagsalita sa katapos lamang na Final Seminar on DRRM Capacity Enhancement Project na pinangunahan ng Office of Civil Defense at Japan International Cooperation Agency. Kasama rin sa larawan sina (mula kaliwa) Director Edgar Allan Tabel ng Department of the Interior and Local Government, Assistant Secretary Myrna Cabrera ng Department of Social Welfare and Development, at Director Remedios Edencia ng National Economic Development Authority. (*S&T Media Service*)



ipinapakita sa larawan ang isang uri ng Water Hyacinth Harvester na ginawa ng Metals Industry Research and Development Center ng DOST habang isinasagawa ang pagsubok sa nasabing teknolohiya.

DOST water hyacinth harvester, kabuhayan din para sa taga sa CamSur

Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Ika nga sa isang kasabihan “*hitting two birds with one stone,*” iyan ang kwentong hatid ni Engr. Joel P. Sadol ng Central Bicol State University of Agriculture ng kanyang maisakatuparan ang paggawa ng isang water hyacinth harvester na inaasahang magtatanggal sa mga pesteng water hyacinth na nagsisitubuan sa ilog ng Buhi, Camarines Sur.

Para sa mga residente ng Buhi, ang water hyacinth ay isang pesteng bumabara sa mga daluyan ng ilog na madalas nagiging sanhi ng pag-apaw nito at pagbaha naman sa mga kalsada kapag tag-ulan. Dahil malapad at makapal ang mga dahon ng water hyacinth, nahaharangan din nito ang pagdaloy ng sinag ng araw sa ilog na pumipigil naman sa pagkakaroon ng “photosynthesis” sa mga halamang nasa ilalim ng ilog at nagreresulta sa pagkamatay ng mga isda dahil na rin sa pagbaba ng oxygen ng mga ilog.

Dahil dito ay naisipan ni Engr. Sadol na gumawa ng water hyacinth harvester na kukolekta sa mga water hyacinth sa ilog. Samantala, ang mga water hyacinth na nakolekta ng harvester ay kinakailangang maging kapaki-pakinabang, kaya naman naisipan ni Engr. Sadol na gawing raw material ang mga ito upang gawing kumikitang kabuhayan para sa mga mamamayan ng Buhi.

Ang water hyacinth ay maaaring gawing matitibay na basket, native na tsinelas, at makukulay na banig. Ito ay maari ring gawing fertilizer at iba’t iba pang mga produktong magbibigay ng kabuhayan sa mga taga-Buhi.

Maliban sa kakayahang makakolekta ng mga water hyacinth, ang harvester ay matipid sa krudo hindi tulad ng ibang harvester na nagmula pa sa ibang bansa.

Inaasahang makikinabang ang mga magsasaka, mangingisda, at handicraft

maker sa bayan ni Engr. Sadol sa kanyang pinaghusay na water hyacinth harvester. Ang nasabing teknolohiya ay suportado naman ng Technology Application and Promotion Institute ng Department of Science and Technology (DOST-TAPI) sa ilalim ng Technology-Based Enterprise Development (TBED) Program na sumusuporta sa mga bagong likhang teknolohiya na mayroong commercial potential.

Ang mga indibidwal na mananaliksik mula sa mga Research and Development Institute, akademiya, maging ang mga nasa pribado at pampublikong ahensiya na mayroong imbensyon o teknolohiyang nagawa na maaaring maisa-komersyo ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa TBED Program upang ito ay mapalaganap sa merkado.

Para sa mga interesado sa water hyacinth harvester at sa TBED Program, maaari lamang magsadya sa Provincial Science and Technology Center ng inyong rehiyon.



Tunog ng Manok mula sa isang baso

MGA KAILANGAN:

- Isang (1) plastic na baso
- Yarn o cotton string (huwag gagamit ng nylon)
- Isang (1) paper clip
- Paper towel
- Isang (1) pako
- Gunting
- Tubig

MGA GAGAWIN:

1. Gumupit ng isang piraso ng yarn na may 20 inches (40 cm) na haba.
2. Humingi ng tulong sa nakakatanda sa paggamit ng pako. Gamitin ang pako sa paggawa ng butas sa gitna ng ilalim ng baso.
3. Itali ang isang dulo ng yarn sa gitna ng paper clip.
4. Ipasok ang kabilang dulo ng yarn sa butas na ginawa sa baso at hilain ito na katulad ng makikita sa larawan.
5. Kumuha ng isang piraso ng paper towel. Gawin itong kasing laki ng isang pera na papel, itupi ito ng isang beses at basain ito sa tubig.
6. Oras na para gumawa ng ingay! Hawakan ng mabuti ang baso sa isang kamay,



pagkatapos ay ibalot ang basing paper towel paikot sa string na malapit sa baso. Habang pinipisil ang string ay hilain ito habang inaalog ng kaunti upang ang paper towel ay mahigpit na dumulas sa string. Kapag ito ay naging matagumpay, makakarinig ng tunog ng manok.

PAANO ITO GUMAGANA:

Ito ay halimbawa ng kung paano gumagana ang isang sounding board. Ang vibrations mula sa string ay hindi maririnig nang walang baso, ngunit kapag gumamit na ng baso ay ikinakalat nito ang vibration at pinapalakas ito. Ang mga piano at music box ay gumagamit ng kahoy na siyang nagsisilbing sounding board upang palakasin ang tunog ng mga naturang instrument.

GAWIN ITONG ISANG EKSPERIMENTO:

Ang proyektong ginawa ay isa lamang demonstration. Para gawin itong isang tunay na eksperimento, maaaring subukan na sagutan ang mga sumusunod na tanong:

1. Anong klase ng string o yarn ang lumilikha ng pinakamalakas na tunog? Anong klase naman ang gumagawa ng pinakamahina?
2. Nakaapekto ba ang sukat ng baso sa volume ng tunog?
3. Subukan ring gumamit ng iba pang bagay maliban sa paper towel upang malaman kung nakaaapekto ba ito sa volume ng tunog.

Ang eksperimentong ito ay nagmula sa www.sciencebob.com

LarawaNEWS

Tulong para sa mga Filipinong imbentor.

Pinangunahan ni Atty. Marion Ivy Decena (gitna) ng Department of Science and Technology – Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang paglagda ng Memorandum of Agreement at orientation para sa mga bagong makatatanggap ng tulong mula sa Invention-based Enterprise Development (IBED) Assistance Program ng Invention Development Division ng DOST-TAPI. Kasama ni Atty Decena sina Ginoong Mardinio P. Azores (kaliwa) ng Kaibigan Mar Azores Incubator at Engr. Rodrigo P. Duque ng Ozone Dynamic Ventures. (S&T Media Service)

